

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Lungsod ng Brampton ay tumatanggap ng World Council on City Data platinum-level ISO data certification

Sumali sa global network ng world-class na mga lungsod na inilaan para sa pangangasiwa ng pagganap

BRAMPTON, ON (Pebrero 17, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng World Council on City Data (WCCD) na ang Lungsod ng Brampton ay nakatanggap ng ISO 37120 Platinum-level certification, ang pinakamataas na standard sa pagkolekta, pagbabahagi, at paggamit ng datos para epektibong makagawa ng mga desisyon.

Sinamahan ng MPs ng lugar sa ngalan ni Kagalang-galang na Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities, at mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod, wini-welcome ng WCCD ang Lungsod sa Pandaigdigang Network nito na higit sa 100 lungsod sa 35 bansa na nakatanggap ng WCCD ISO 37120 Platinum-level certification. Iniulat ng Lungsod ang higit sa 90 sa 104 na mga indicator sa loob ng pamantayan sa ISO 37120 standard ng WCCD, bilang bahagi ng [Data for Canadian Cities Project \(DCCP\)](#) na sinusuportahan ng Pamahalaan ng Canada.

Bilang bahagi ng Pandaigdigang Network ng WCCD, ibabahagi ng Lungsod ang mga lokal na karanasan at mga benchmark kumpara sa ibang mga lungsod na data-driven sa mundo para mapahusay ang mga serbisyo at ang kalidad ng buhay ng mga residente. Ang Brampton ay, kasama ang mga partner nito WCCD Global Network, susukat sa panlipunan, pang-ekonomiya at pangkapaligirang mga indicator na patuloy na magtayo ng isang ismarte, sustainable, madaling nakakabangon, masagana at nagsasali sa lahat na komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa World Council on City Data (WCCD) at sa sertipikasyon, bisitahin ang www.dataforcities.org.

Tungkol sa Data para sa mga Proyekto sa Lungsod ng Canada

Binigyang kasangkapan ang mga lider ng lungsod sa buong Canada ng de kalibre, maihahambing, at independiyenteng naberipikang data ng munisipalidad, ang [Data for Canadian Cities Project](#) ay isang magpapabago, tatlong taon, pambuong Canada na proyekto na kasalukuyang nagpapatuloy sa labinlimang napapasigla ng data na mga munisipalidad sa buong bansa. Suportado ng Federal Ministry of Infrastructure and Communities, ang Proyekto ay nagbibigay sa mga lider ng lungsod ng uri ng data na kailangan nila para makagawa ng mahalagang mga desisyon, ngunit nagpapatibay din sa panloob na benchmarking, habang ginawang posible ang matibay, mansanas sa mansanas na mga paghahambing sa tatlumpong lungsod sa buong Canada, at isang daang lungsod sa buong mundo. Mula sa pagpapalano ng pagpapalakas ng pagiging sustainable hanggang sa paghikayat ng pag-unlad sa ekonomiya hanggang sa pagkamit ng mga layunin sa pagbabago ng klima, at pag-aabiso sa napakahalagang pagpapasya sa pamumuhunan, ang Data for Canadian Cities Project ay nag-aalok sa mga tagadesisyon sa munisipalidad sa buong bansa ng mahalagang data na kailangan nila para makaliha ng mas ismarte, mas sustainable, nakakabangon, masagana at nagsasali sa lahat na mga komunidad.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at nagtatayo tayo ng isang nagsasali sa lahat na komunidad na ligtas, sustenable at matagumpay. Nakikipagtulungan sa ating network ng higit sa 100 pandaigdigang partner na sertipikado ng ISO 37120 Platinum-level, ibabahagi natin ang ating mga lokal na karanasan at matuto mula sa katulad na mga lungsod na napapasigla ng data na pagandahin ang buhay hindi lamang para sa mga Bramptonian, ngunit sa mga tao rin sa buong Canada. Ipinagmamalaki ko nang labis na ang Brampton ay nakilala para sa ating mataas na standard ng data, at hinihintay ang pagtatrabaho kasama ang ibang mga lungsod na WCCD platinum-level para magtayo ng ismarte, sustenable at matagumpay na mga komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang data ay mahalaga sa paggawa ng epektibong mga desisyon para sa ating mga residente, at ang pagtutulungan at benchmarking ay nagpapahintulot sa atin na patuloy na matuto mula sa ating mga partner para magtayo ng isang lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Bilang bahagi ng elite na WCCD Global Network, magkakaroon tayo ng pagkakataon na ibahagi kung ano ang nalalaman natin sa Brampton, at matuto mula sa ating mga partner para pagandahin ang mga buhay ng mga nasa Brampton at sa buong Canada.

Ipinagmamalaki natin na makilala ng World Council on City Data, at gagamitin ang pagkakataon na ito para patuloy na mapaunlad ang ating pagiging sustenable at pasiglahin ang pag-unlad ng ekonomiya sa ating magandang komunidad.”

- *Harkirat Singh, Chair, Corporate Services; Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, palagi tayong nagsisikap na mas mapahusay ang ating pang-araw-araw na mga operation sa pamamagitan ng pagdedesisyon na batay sa data, epektibong napapangasiwaan ang mga asset ng munisipyo at nag-leverage ng mga partner para sa pagtutulungan at adbokasiya para mas mapahusay ang mga buhay ng ating mga residente. Patuloy ang Brampton na maging pandaigdigang lider na kinilala sa pamamagitan ng ating ISO 37120 Platinum-level certification, na nagpapasulong sa prayoridad ng Konseho ng pagiging isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo para sa ating mga residente.”

- *David Barrick, Pinunong Administratong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Lahat ng komunidad, malaki at maliit, ay nangangailangan ng magandang plano ng data at magtayo ng modernong pampublikong imprastruktura. Napakahalaga na matugunan ang mga standard ng pandaigdigang data. Sa pamamagitan ng Data for Canadian Cities Pilot Project, sa pakikipagtulungan sa World Council on City Data, nakakatulong tayo sa mga lider ng munisipyo sa bilang ng mga komunidad sa buong Canada para gawin lang iyan. Ikinatutuwa ko na nakuha ng Brampton ang ISO standard para sa data ng munisipyo. Makakatulong ito sa Lungsod na planuhin ang mga proyekto na may de kalidad na data at makakatulong sa paggabay sa pagdedesisyon na batay sa ebidensya. Ang plano sa imprastruktura ng Canada ay namumuhunan sa libo-libong mga proyekto, lumilikha ng mga trabaho sa buong bansa at nagtatayo ng mas matibay na mga komunidad.”

- *Ang Kagalang-galang na Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities*

“Sa ngalan ng World Council on City Data, kasiyahan ko na batiin ang Lungsod ng Brampton sa pagkamit ng WCCD's ISO 37120 Platinum Certification. Ang tagumpay na ito ay saksi sa dedikasyon ng inyong napakahusay na mga staff at isang larawan ng commitment ng Lungsod sa pagdedesisyon batay sa ebidensya. Sa mga aplikasyon mula sa pinahusay na paghahatid ng serbisyo hanggang sa pagpapaunlad ng ekonomiya, pagpapalano at pamumuhunan sa imprastruktura, ang ISO-certified data ng Lungsod ay nagpapakita sa mga lakas at oportunidad ng Brampton para sa pag-unlad. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan natin sa Ministry of Infrastructure and Communities at kay Minister McKenna, hinihintay natin ang pagtatrabaho kasama ang Lungsod ng Brampton sa nalalabing taon ng Data for Canadian Cities Project, at lampas pa.”

- *Dr. Patricia McCarney, Presidente at CEO, WCCD*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca